AHA! LEARNING CENTER'S
# ESKWELANG PAMILYA
/ahalearning /ahalearns

## READING FOR GRADES 1-2
### Aralin 19

| Pambungad |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting mambabasa! Handa ka na bang galugarin ang ating kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating basahin ang librong* ***"Chenelyn! Chenelyn!" na isinulat ni Rhandee Garlitos.*** *Huwag mag-alala; gagabayan kita, kaibigan!* |

| Reading for Grades 1 and 2 - Aralin 19 |
|---|
| Book Title: Chenelyn! Chenelyn! |
| Author: Rhandee Garlitos |
| Source: Buri Books |
| Magandang hapon! Si Teacher Robyn po ulit ito para sa reading lesson natin ngayong hapon! 🤓📚 Ang babasahin natin ay "Chenelyn! Chenelyn!"👵🏽 ni Ginoong Rhandee Garlitos 👩🏽🏫<br><br>🙏🏽 **PANGAKO PARA SA ARALING ITO**<br>Balikan natin ang ating promises sa isa't isa kapag tayo'y nag-babasa ☺<br>(1) dahan-dahang bibigkasin ang kada linya ng story 📣<br>(2) dadamdamin at sisikaping intindihin ang kuwento at, 🤓<br>(3) 'wag matatakot magtanong kay Teacher o sa ating mga nakatatanda sa bahay kung may hindi tayo naiintindihan. 🧡👩🏽👨🏽👴🏽👵🏽<br><br>💬 **TALASALITAAN**<br>Bago tayo mag-umpisa, tingnan muna natin ang iilang mga salita sa kuwento na baka hindi pamilya sa atin! Mag-tanong sa ating nakatatanda kung ano kaya ang ibig sabihin ng mga to! 🤔 |

**(1) Magtitilian (tili)**
**(2) Takore**
**(3) Latang-lata**

Ang ating kuwento ngayong araw ay tungkol kay Aling Chenelyn, isang kasambahay. Sa gitna ng kuwento, malalaman natin na may sakit pala si Chenelyn! Ano kaya ang mangyayari kay Chenelyn at sa pamily ng ating Bida? 👵🏽😷🤔

--

📚 **CHENELYN! CHENELYN! NI RHANDEE GARLITOS**
*Bigkasin natin ang kada-linya* 📣

☀☀☀
Tuwing umaga sa aming bahay. Ang pangalan niya ang una mong maririnig. Kapag binibigkas mo ito, mayroong madyik na nangyayari.

Biglang magtitilian ang mga kaldero at siyansi sa ibabaw ng kalan. Huhuni ang takore ng mainit na tubig. Maririnig ang kalatugan ng pinggan at kalansingan ng mga kutsara at tenedor. Tapos, sa isang iglap, busog na si Tatay. 🍳🍽️👨🏽

Biglang magsisindi ang ilaw sa loob ng banyo. 🚽Dadagundong ang tulo ng tubig sa balde. Maglilitawan ang mga sepilyo, sabon, shampoo, at tuwalya. 🧴🧼 Tapos, sa isang iglap, mabango at malinis na sa Kuya.🧒🏽

Biglang iinit ang plantsang nakatago. Tatakbo ang kabayo na tangay ang lukot na palda at blusa. 👗Tapos, sa isang iglap, unat na ang lahat ng damit ni Ate. 👩🏽‍🦱

Biglang magsisibangon ang basahan at sabon. 🧼 Magsasayawan ang mga bunot at walis. 🧹 Tapos, biglang makintab at pabango na ang buong bahay. 🏠 Biglang tatalbog ang bola at magsasalita ang manyika. 🧸 Magiging nanay ko siya sa bahay- bahayan. Magiging taya siya sa taguan. 👭

Tapos, paglingon ko, nakaupo siya. Natutulog. 😴 Bago ako matulog, ang pangalan pa rin niya ang maririnig. Kasi, may madyik ang pangalan niya. "Chenelyn! Ang kape ko, akina!" Sabi ni Tatay. Biglang maghahalo ang kape, asukal, at umuusok na tubig. ☕👨🏽
"Chenelyn! Ang sapatos at relo ko, nasaan na?" Tanong ni Kuya. Masisilabas ang mga sapatos at relo mula sa kung saan.👟🧒🏽
"Chenelyn! Ang isusuot ko, ihanda mo na!" Tili ni Ate. Magrarampahan naman ang mga pantalon, palda, blusa, at medyas. 👗👩🏽‍🦱

"Chenelyn! Ang pinagkainan hugasan mo na!" Utos ni Nanay. Magsisiligo na ang mga plato, platito, kutsara, at tenedor. 🍽️👩🟫

Basta tatawagin mo ang pangalan niya, mayroon nang iniinom si Tatay sa kwarto. ☕👨🏽 Nakita na ang nawawalang gamit ni Kuya.👟 👦🏽 Handa na ang damit ni Ate para bukas.👗 👩🟫🦱 Malinis na ang mga gamit sa kusina ni Nanay. 🍽️👩🟫

🧸🧸🧸

Kapag ako na ang tatawag ng "Chenelyn!" Papasok siya sa maliit kong kuwarto. Pagod na pagod. Pawis na pawis. Hingal na hingal. Latang-lata. Pero, kapag mayroon Siyang ikukuwento sa akin, ang kuwarto ko, nag-iiba ng anyo. 😴👵🟫

Nagiging dagat ito kapag kami ay mga sirena. 🧜‍♀ Nagiging kastilyo ito kapag kami ay mga prinsesa. 👸🟫 Kaming dalawa ni Chenelyn ang laging bida sa marami niyang kuwento. Tapos, tulog na kaming dalawa. 😴😴

😭😭😭

Isang umaga nagkagulo sa loob ng bahay! Ilang beses nang tinatawag ang pangalan niya, pero walang nangyayaring madyik.
"Chenelyn! Chenelyn!" Sabi ni Tatay.👨🟫
"Chenelyn? Chenelyn?" Tanong ni Kuya. 👦🟫
"Chenelyn! Chenelyn!" Sigaw ni Ate. 👩🟫🦱 "Chenelyn! Chenelyn!" Utos ni Nanay.👩🟫
"Chenelyn! Chenelyn!" Tawag ko. 👦🟫
Pero walang nangyari. Bigla kaming nagsisugod sa kuwarto niya. Pagbukas namin, maraming madyik ang nangyayari. Mayroong "Hatsing!" 😭 Mayroong "Prssrssrstt!" Mayroong "Brrr!" 🥶 Mayroong "Ubo-ubo!" 😷 Naku, si Chenelyn, hindi makapagmamadyik! "May trangkaso is Chenelyn..." Sabi ni Tatay. 👨🟫🌡️ 👵🟫

Dali-dali siyang pumunta sa telepono. 📞 Bumulong-bulong si Tatay sa hawakan. Tapos, sa isang iglap, biglang dumating and Doktor.👩⚕ Pumunta naman si Nanay sa kusina. 👩🟫 Naghiwa-hiwa siya ng karne, ng manok, at ng gulay. 🥣 Hinugas-hugasan niya ang mangga at dalanghita. Nagtimpla-timpla siya ng tsaa at tubig. 🍵 Sa isang iglap, may pagan na kaagad para kay Chenelyn.

"Dapat tayo muna ang maglinis ng bahay!" Sabi naman nina Kuya at Ate. 👦🟫👩🟫🦱🧹 Nagbunot nang nagbunot si Kuya. Nagwalis nang nagwalis si Ate. Naglaba nang naglaba si Kuya. Nag-ayos nang nag-ayos si Ate. Tapos, sa isang iglap, biglang natutong maglinis ng bahay sina Ate at Kuya. 🧺

Para makapagpahinga si Chenelyn, nagkuwento naman ako nang nagkuwento. 👦🏽🧸📖 Biglang nagbago ang kuwarto ni Chenelyn. Naging bughaw na langit ito nang naging piloto kami. 🚁 Naging entablado ito nang naging mananayaw kami. 💃🏽 Tapos, sa isang iglap, nakatulog si Chenelyn.
Mula noon, iba na ang maririnig sa loob ng aming bahay tuwing umaga.
👩🏽🧹👨🏽🧹👩🏽‍🦱🧹👦🏽🧹

🤔 Ano ang nangyari kay Chenelyn, mga bata? Ano na ang naririnig sa bahay nila?

Hindi na "Chenelyn, Chenelyn!" dahil nung nagkasakit si Aling Chenelyn, napagtanto o narealize ng pamilya ng bida kung gaano sila dumedepende kay Aling Chenelyn, at dahil doon, nung gumaling si Aling Chenelyn, sinubukan na ng pamilya ng bida na magsikap-sikap rin sa mga gawaing bahay.

--

**✏ GAWAIN**
Balikan natin ang kuwento ng Bida at ni Aling Chenelyn!

🔎 Kung ikaw si Aling Chenelyn, ano ang mararamdaman mo nang sunud-sunod ang utos ng pamilya ng Bida sa iyo? 🤔

🔎 Balikan ang kuwento, anu-ano ang mga utos ng pamilya?
CLUE:
- ☕👨🏾
- 👟👦🏽
- 👗👩🏽‍🦱
- 🍽️👩🏽

🔎 Ano ang nangyayari pag pumunta si Aling Chenelyn sa kuwarto ni Bida?
👦🏽🧸👵🏽
CLUE:
- 🧜🏽‍♀
- 👸🏽
- 😴😴

🔎 Nang lumipas ang sakit ni Aling Chenelyn, nag mistulang nag-sorry ang pamilya ni Bida na sunud-sunod o sobra ang utos sa kanya. Paano sila nag-sorry?

**✔️🙏🏽 PAGTATAPOS**
Minsan, nahihirapan ba kayo mag-thank you o mag-sorry, mga bata? Iba-iba naman tayo ng paraan nag mag sabi ng thank you, sorry, o kahit i love you. Para kay Aling Chenelyn at sa ating Bida, ang paraan ng pagkikita ng "I love you" nila ay sa

pamamagitan ng pag-lalaro at pagsasama. Ang “I’m sorry” ng pamilya ng bida kay Aling Chenelyn ay pag tulong sa gawaing bahay.

Ano ang paraan niyo na magsabi o ipamahabi sa iba ang “I love you”, “Thank you”, o “Sorry?”

Sa pagsasabi ba ng mga ito? Sa gawa? O ano pa kaya, mga bata? ☺

Yay! Tapos na! May parte ba ng lesson na nahirapan kayo? O may gusto ba kayong ma-share na sagot sa grupo natin? Message lang kayo sa grupo, o message niyo si Teacher ❤

-

This story was published by Adarna House.
This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center.